Migranteng Manggagawang Pilipino:
Manindigan, Ipagtanggol ang Sarili, Pamilya at Bayan!

MIGRANTENG PILIPINO, PANAHON NA UPANG KUMILOS AT LUMABAN.

Pinapatay ng gobyerno ni Gloria Macapagal-Arroyo ang karapatan ng mamamayang Pilipino, ang ating kabuhayan, ang kalayaan at patrimonya ng ating bansa. Ang ating paglaban ay pagtatanggol ng ating sarili, ng ating pamilya at ng ating bayan.

Pasismo ang sagot ng estado ni Arroyo sa umiigting na pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Walang-kapantay na karahasan at sunod-sunod na mga batas na ang tanging layunin ay supilin ang demokratikong karapatan ng taumbayan upang magsalita, magtipon, at kumilos upang sya ay patalsikin.

Fr. William Tadena – paring sumusuporta sa mga manggagawa ng Hacienda Luisita; Eden Marcellana – ina at aktibistang nagtataguyod sa karapatang pantao; Ding Fortuna – tagapangulo ng unyon ng mga manggagawa sa Nestle; pitong magsasaka ng Hacienda Luisita na namatay sa masaker sa piketlayn; at, Cris Hugo – 20 anyos na lider estudyante sa Bikol. Sila at lampas 500 pang mga aktibista ng mga progresibong organisasyon ang ibinuwal ng mga militar dahil lamang sa sila ay nanindigan.

Bukod sa kaliwa't kanang pagpatay, hindi rin nauubos ang mga mapanupil na batas at patakaran ni GMA.

Para gawing sistematiko ang panunupil, nandyan ang Calibrated Pre-emptive Response o (CPR) na ginagamit para marahas na buwagin ang mga protesta, ang No permit No rally, at ang Executive Order 464 na nagbabawal naman sa mga opisyal ng gobyerno na dumalo sa mga imbestigasyon at paglilitis na ipinatatawag ng Kongreso at Senado.

Bagaman at dineklarang ilegal ng Korte Suprema ang CPR, itinaguyod naman nito ang Batas Pambansa 880 o ang polisiyang No-rally, No-permit na arbitraryong ginagamit ng mga lokal

na opisyales na malapit kay Gloria upang gipitin ang anumang planong aksyong masa.

Syempre pa, sino ang makakalimot sa Proclamation 1017 na ibinaba ni GMA noong February 24 na epektibong nagbalik ng Martial Law sa buong bansa. Pinagbawal ang mga rali, ipinasara ang iba't ibang ahensya ng media na kritikal sa pamahalaan katulad ng programa sa radyo na Ngayon Na Bayan at Buhay Manggagawa, inaresto si Cong. Crispin "Ka Bel" Beltran, at tinugis ang iba pang mga lider at progresibong mambabatas mula sa Bayan Muna, Anakpawis Partylist, at Gabriela Women's Party.

Sa kasalukuyan, lalong lumilinaw ang obsesyon ni GMA na makapanitili sa posisyon. Ang pagsusulong nya ng Charter Change, kahit matagal na itong isinuka ng taumbayan, ay patunay na gagawin nya ang lahat upang manatili sa pwesto, matakasan ang mga kasong laban sa kanya at bumango muli sa kanyang mga dayuhang amo.

Sa ilalim ng pasistang gobyerno ni Arroyo, walang pwedeng gawin ang mamamayang Pilipino kundi ang lumaban. Ang pananahimik ay pagkatig sa anti-mamamayang mga polisiya ni Arroyo.

Bumubulusok na kabuhayan. Migranteng ginagatasan. Sagot ng gobyerno – karahasan.

Walang tigil ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin na lalo pang pinalala ng pagpataw ng 12% Expanded Value Added Tax (EVAT). Tumaas na ang pamasahe ng P7.50 mula sa P5 noong nakaraang taon. Ang LPG na siyang pinaka-komon na gatong sa mga tahanan ay higit na sa doble ang itinaas ng presyo simula noong 2002 (P220 noong to P560). Abot-langit na ang halaga ng kuryente at tubig.

Maraming kabataan ang hindi na makapag-aral o makapagtapos dahil sa sobrang taas ng tuition fee. Maraming namamatay sa sakit na pwede sanang malunasan kung meron lamang libre o murang serbisyong pangkalusugan ang gobyerno. Sa kasalukuyan, ang *daily cost of living* para sa anim-kataong pamilya sa NCR ay umaabot na sa P665 kumpara sa P563 noong 2004.

Sa kabilang banda, lubhang napakababa ng sahod ng mga mangagawa at sweldo ng mga kawani ng gobyerno. Nananatiling P325 ang minimum na sa sahod sa NCR at higit na mababa sa mga probinsya. Hindi pa rin inaaksyunan ni GMA ang matagal nang panawagan para sa dagdag na P125 sa sweldo ng mga manggagawa sa pribadong sektor at P3,000 naman kada buwan sa mga kawani ng gobyerno.

ILAN SA MGA
NI GL

Mahigit 500 na biktim
Calibrated Pre-empti
Batas Pambansa 880 at
Proclamation 1017
Pagtugis kay Cong. Cris
mga progresi
Charter
12% Expanded Value A
Higit sa dobleng pagta
Pagtaas ng halaga n
Pagtaas ng
Mababang sahod ng
Labor Expor
Pangingikil s
Pangangayupapa

KASALANAN ORIA

a ng political killings
ve Response (CPR)
t Executive Order 464
o Martial Law
pin "Ka Bel" Beltran at
ibong lider
Change
Added Tax (EVAT)
as ng presyo ng LPG
g kuryente at tubig
tuition fee
mga manggagawa
t Program
a migrante
sa among U.S.

Habang hindi naaampat ang krisis sa ekonomiya, ibinabandera naman ni GMA ang Labor Export Program.

Taun-taon na lamang ay pangako ni Gloria ang trabaho at taun-taon na rin na ipinakitang ito ay walang iba kundi trabaho at pagpapa-alila sa ibang bansa. Hindi maikakaila na paboritong pagkakitaan ni GMA ang mga migrante. Halos sa bawat counter sa Consulate, wala kang ibang maririnig kundi ang halaga na dapat mong bayaran. Mula pag-alis sa Pilipinas, hanggang sa pananatili sa labas ng bansa, puro panghu-huthot ang alam gawin ng gobyerno.

Kung tutuusin, mawala lamang ang US$12 bilyon na remitans ng mga OFWs kada taon, matagal nang gumuho ang ekonomiya ng Pilipinas. Mismong gobyerno ang nagsasabing tatlong araw lamang na walang pumasok na remitans, bagsak na ang ekonomiya ng Pilipinas. Ipinapakita din nito na ang ating remitans ay isang kapangyarihan na nasa kamay ng mga migrante. Kapangyarihan na maari nating magamit upang magtulak ng mga reporma sa gobyerno na pabor sa mga migrante at mamamayan.

Sa kabila nito, oras na lumapit ka sa gobyerno para humingi ng tulong, ang laging sagot ay walang pera. Kapabayaan, kainutilan, kapos na serbisyo at kawalan ng proteksyon ang sukli ng gobyerno ni GMA sa tinaguriang mga bagong bayani.

Sa harap ng tumitinding kahirapan, lumalaban ang mamamayan. Panunupil at karahasan ang tugon ni GMA.

Hindi ito kataka-taka. Ang gobyernong tulad ng kay GMA na walang ibang inisip kundi kung paano ipapatupad ang dikta ng dayuhan sa pangunguna ng imperyalistang US ay palaging susuling sa karahasan sa sandaling umalma ang taumbayan. Panunupil, panlilinlang at maka-hayop na karahasan ang tangi nilang itutugon sa anumang paglaban.

Pawiin ang pagaalinlangan. Ipagtanggol ang sarili, pamilya at bayan. Labanan ang tumitinding pasismo at kahirapan. Umambag sa kilusang magpapatalsik sa kurakot at pahirap sa Pilipino na gobyernong US-Arroyo.

Ang pananatili ni Gloria sa posisyon ay mangangahulugan lamang ng lalong pagbaon sa kahirapan ng sambayanan. Ang kanyang patuloy na paghahari ay bangungot sa migrante at mamamayan.

Bilang migrante, kailangan nating ipagtanggol ang ating sarili sa mga pakana ni GMA na nagpapahirap sa sitwasyon ng OFWs.

Ang ating kampanya para sa ating Sahod, Serbisyo, Proteksyon, at Karapatan ay kailangan nating patindihin. Hindi natin dapat palampasin ang anumang kapabayaan, kainutilan, at hindi pagtindig ng gobyerno sa ating karapatan at kabuhayan.

Para sa ating sarili, bayan at pamilya: Patalsikin si Gloria!

Bilang kongkretong pagkilos, lumahok tayo sa ilulunsad na Operasyon Bantay Konsulado o OBK. Ang OBK ay naglalayong kalapin ang lahat ng hinaing ng mga OFWs sa serbisyo at pagbibigay proteksyon ng Konsulado – ang kinatawan ng gobyerno ni GMA dito sa HK. Ikakampanya natin ang mga kasong ito hanggang magkaroon ng kongkretong pagbabago sa pagtugon ng gobyerno sa ating mga suliranin.

Kailangan nating lumahok sa mga pambansang usapin na direktang nakakaapekto sa ating mga pamilya. Pagtaas ng presyo ng bilihin, pagtaas ng presyo ng langis, pagtaas ng tuition fee, dagdag na buwis, pandarahas sa mga lumalaban – ito at marami pang mga usapin ang lalong naglulugmok sa ating mga pamilya. Ito ang sitwasyong nagreresulta sa pwersahang pag-alis ng ating anak, asawa, kapatid at kapamilya upang, katulad natin, ay magpa-alila sa ibang bayan.

Bilang mamamayang Pilipino, ipagtanggol natin ang ating bansa laban sa higit pang pandarambong ng mga imperyalista at kanilang kasapakat sa Pilipinas. Ang Charter Change, Mining Act of 1995 at iba pang mga patakarang sumusunod sa pakanang globalisasyon ay hindi kailanman mag-aangat sa ating kabuhayan manapa ay maglulugmok lalo sa ating bayan.

Sa okasyon na ito ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa, itatak natin ang ating kahandaang kumilos at lumaban. Kasama ang iba pang migrante, itatak natin ang ating paglaban para sa ating karapatan bilang mga manggagawa. Kasama ang sambayanang Pilipino, itatak natin ang ating paglahok sa kilusan para sa isang tunay na makatarungan, payapa, masagana, demokratiko at malayang Pilipinas. Kasama ang manggagawa ng buong daigdig, itatak natin ang ating pakikiisa upang gapiin ang imperyalistang pandarambong at pagsasamantala.

Mabuhay ang mga migrante!
Mabuhay ang uring manggagawa!
Mabuhay ang pandaigdigang araw ng paggawa!

SUMAMA SA MARTSA NG MANGGAGAWA!

Kitaan sa Chater Garden,
3:00 PM
Martsa tungong CGO

Pahayag ng United Filipinos in Hong Kong (UNIFIL-MIGRANTE-HK) sa pagdiriwang ng ika-51 taon ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Mayo 1, 2006.